KATOTO
(Para sa mga Albert Enriquez)

Music by Vim Nadera
Music by Paul V. Pena

Nahan, nasaan ka, ngalang-kaibigan
Sa hanging amihang kasalukuyan ang tuwang ibinubulong
Sa parang kung saan parang nakalugmok ka
Sa bawat tanawin ngang tinatanong din ako.

Sayang at ngayon ay tupad na hangad sa nagdaan,
Pangarap ng diwang di-hiyang sa kasaysayang nakakulong;
Kung kailan pa kailangan kitang kaisa,
Isa-isa silang nawalay, nawalan ng kulay tulad mo.

TIGIL:
Alaala ka lang mawawala kapag nakita na,
Bukas-makalawa kakathain bilang pasa sa dibdib?

Estatwa ka kayang may kakatwang mensahe:
"Talagang natutuklasan ang lahat-lahat."?

Dahan-dahan ko na yatang nararamdaman
Ang di-katiyakan; unti-unting ulan ang nagsusumbong
Ng sama, sama ng loob sa di mo pagpapakitang
Walang makasagot, walang makapanagot sa iyo.

Balang-araw may magpapatunay nang tahasan,
Magbibigay-buhay sa pumanaw mong himatong naging bugtong;
magmula nang imulat mo itong pandama –
Di na ako nagpabaya, ni nagparaya nang husto.

TIGIL:
Alaala ka kayang makikita kapag nawala ka,
Bukas-makalawa kakathain bilang pilat sa dibdib?

Estatwa ka lang bang may kakatwang mensahe:
"Talagang natutuldukan ang lahat-lahat."?

KODA:
Katoto, nahan –
Katotohanan . . .